



MESSAGE

Isang pagpupugay sa manggagawang Pilipino sa buong mundo!

Ipinagdiriwang natin ang araw na ito ng may pagkilala sa makasaysayang papel ng mga manggagawa sa pagbabago at pag-unlad ng lipunan.

Nakalulungkot lamang na sa pagkakataong ito, hindi tayo magkakasama upang magdiwang at bigyan kayo ng pagkilala sa inyong malaking kontribusyon sa ating bayan dulot ng pandemic na namiminsala sa malaking bahagi ng daigdig.

This is first time in recent history that we are witnessing widespread suffering of our family, neighbor and community. This is the first time in recent history that we witness how our social and economic lives are on a standstill.

Sa kabila nito ay lubos namin kayong pinasasalamatan sa pagtitiwala sa kakayanan ng pamahalaan na tugunan ang inyong pangagailangan sa harap ng krisis na ating dinaranas. Kabilang dito ang mga nagtatrabaho sa manufacturing, construction, agriculture, services, tourism, transportation, BPO, financial institutions at marami pang iba.

Higit ding kinakikitaan ng pananalig ang ating mga OFWs sa Ibat Ibang bahagi ng mundo, kasama na ang lahat ng manggagawa na nasa front line services sa paglaban sa virus. Hindi rin natin matatawaran ang tiwala sa gobyerno ng mga kabilang sa informal sector ng ating ekonomiya.

Nagdulot man ng labis na hirap at agam-agam sa kahihinatnan ng krisis na ito sa ating buhay, nananaig sa atin ang determinasyon na bumangon mula sa lugmok na kalagayan. Iyan ang kahanga-hangang katangian ng manggagawang Pilipino.

Kaya hindi po kayo bibiguin ng ating pamahalaan!

We will continue to uphold the protection and preservation of jobs. We will find ways to enhance employment even under a “new normal” setting.

Together, we will restart the engine of recovery and progress alongside standing victorious over the malady in our homes, communities and workplaces.

Muli po, sa dakilang araw na ito ng paggawa, kami sa Department of Labor and Employment ay nagbubunyi sa inyong lahat.

Mabuhay ang manggagawang Pilipino!


SILVESTRE H. BELLO III
Secretary